WHAT SHAPES US

# Si Jesus

WEEK 3

## WARM-UP

- Isipin ang isang kathang-isip na tauhan o isang kilalang tao na hinahangaan mo. Ano ang mga katangiang hinahangaan mo sa kanya?
- Ano ang kadalasang nagiging reaksyon mo kapag nagkakamali ka? Magbigay ng isang sitwasyong magpapaliwanag nito.
- Magkwento ng isang pagkakataon na nabigyan ka ng *award* o pagkilala dahil sa pinagtrabahuhan mo. Paano mo ilalarawan ang karanasang ito?

## WORD

*5 Dapat maging katulad ng kay Cristo Jesus ang pananaw*
*n'yo: 6 Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi*
*niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang*
*isang bagay na dapat panghawakan. 7 Sa halip, ibinaba*
*niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng*
*pag-aanyong alipin. Naging tao siyang tulad natin. 8 At*
*sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus.* **MGA TAGA-FILIPOS 2:5–8**

(Basahin din ang **MGA TAGA-FILIPOS 2:9–11.**)

Si Jesus ay ganap na Diyos at ganap na tao. Hindi lamang ito isang katotohanan—ito ay mahalaga sa ating pananampalataya. Ang dalawang katangian ni Jesu-Cristo ay isang malaking bahagi kung bakit naging posible ang pagtubos sa sangkatauhan. Si Pablo, ang sumulat ng liham para sa mga taga-Filipos, ay nagpaliwanag tungkol sa dalawang katangian ni Jesus at kung paanong si Jesus Mismo ang halimbawa ng pamumuhay nang may pagpapakumbaba.

## 1 Si Jesus ay Diyos.

*[5]Dapat maging katulad ng kay **Cristo Jesus** ang pananaw n'yo: [6]**Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos**, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan.* **MGA TAGA-FILIPOS 2:5–6**

Nang isulat ito ni Pablo, humaharap ang mga taga-Filipos sa mga pagsalungat at pagsubok sa kanilang komunidad. Dahil dito, hinikayat niya silang alalahanin kung sino si Jesus at sundin ang halimbawa Niya. Si Jesus ay may dalawang likas na katangian. Siya ay Diyos at kapantay Siya ng Ama. Hindi lamang Siya nagtataglay ng 'bahaging' Diyos—Siya ay ganap na Diyos, hindi nilikha at naroon na noong pasimula pa lamang (Juan 1:1). Sa katunayan, sa pamamagitan Niya, ang lahat ng bagay ay nalikha (Mga Taga-Colosas 1:16). Paano inilarawan ng Mga Hebreo 1:10–12 ang pagka-Diyos ni Jesus?

## 2 Si Jesus ay nagkatawang-tao.

*[7]Sa halip, ibinaba niya nang lubusan ang sarili niya sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin. Naging tao siyang tulad natin. [8]At sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus.* **MGA TAGA-FILIPOS 2:7–8**

Bagama't si Jesus ay kapantay ng Diyos, *hindi Niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan*. Nagpakumbaba Siya sa pamamagitan ng pamumuhay sa mundo bilang tao, at tulad natin, may kakayahan Siyang maranasan ang lahat ng limitasyon ng pagiging tao. Subalit hindi Siya tulad ng mga tao. Ipinamuhay ni Jesus ang buhay na dapat ay mayroon tayo—isang perpekto at walang kasalanang buhay bilang pagsunod sa Diyos Ama at paglilingkod sa iba. Si Jesus ay naging perpektong sakripisyo

upang maging kabayaran sa kasalanan ng sangkatauhan. Paano mo matutularan ang halimbawa ng paglilingkod ni Jesus sa araw-araw mong pamumuhay?

## 3 Si Jesus ay itinaas nang lubos.

*[9]Kaya naman itinaas siyang lubos ng Diyos at binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo, [10]upang ang lahat ng nasa langit at lupa, at nasa ilalim ng lupa ay luluhod sa pagsamba sa kanya. [11]At kikilalanin ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikapupuri ng Diyos Ama.* **MGA TAGA-FILIPOS 2:9–11**

Dahil sa Kanyang pagpapakumbaba at pagsunod sa kamatayan sa krus, itinaas si Jesus. Itinaas Siya ang Diyos sa langit at sa lupa. Dahil sa Kanyang paglilingkod sa iba at pamumuhay nang may pagpapakumbaba, si Jesus ay binigyan ng kaluwalhatian at pinarangalan ng Diyos Ama. Dahil sa ginawa ni Jesus at kung paano Siya pinarangalan ng Ama, karapat-dapat Siyang tumanggap ng lahat ng ating pagsunod, pagsamba, at pagdakila. Paano maaapektuhan ng katotohanang ito ang paraan mo ng pamumuhay?

Bilang Diyos, nagpakumbaba si Jesus sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba. Bilang mga tao, tayo ay may inklinasyong maghangad ng kaluwalhatian at karangalan para sa ating mga sarili. Si Jesus ay hindi tulad natin dahil naparito Siya para maglingkod (Mga Taga-Filipos 2:3). Hinihikayat tayo ni apostol Pablo na huwag *gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili* (Mga Taga-Filipos 2:3) at sa halip ay sumunod sa mapagpakumbabang halimbawa ng buhay ni Jesus, na nagbibigay karangalan sa Ama. Maaari rin tayong tumugon nang may pagpapakumbaba sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.

## APPLICATION

- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang bahagi ng buhay mo kung saan naghahangad ka ng kaluwalhatian at karangalan para sa iyong sarili. Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na isuko ang bahaging ito sa Kanya. Ikwento ito sa isang pinagkakatiwalaan mong kaibigan o isang mentor, kung kanino ka man komportable.
- Ngayong linggo, ano ang isang bagay na maaari mong simulang gawin para mas makapaglingkod ka pa sa iba?
- Sa pamamagitan ng iyong mga salita at kilos, paano mo maipapakita ang pagpapakumbaba sa iyong iglesya at komunidad?

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pusong mapagpakumbaba—isang pusong handang maglingkod, tumanggap ng pagwawasto, at sumunod sa Diyos.
- Pasalamatan ang Diyos para sa perpektong pagpapakumbaba ni Jesus. Ipanalangin na gaya ni Jesus, magkakaroon ka rin ng kagustuhang mas makapaglingkod sa iba.
- Ipanalangin na bilang isang komunidad ng iglesya, magawa rin nating makapaglingkod sa mga hindi kabilang sa iglesya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ernie Aragon, Brandel Manalastas, Chrysse Manuel-Pili, Elijah Minguez, Bea Salcedo, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.